IJNRD.ORG ISSN : 2456-4184
INTERNATIONAL JOURNAL OF NOVEL RESEARCH AND DEVELOPMENT (IJNRD) | IJNRD.ORG
An International Open Access, Peer-reviewed, Refereed Journal

# E-Kuwento: Kagamitan sa Pagpapataas ng Talasalitaang Filipino sa Ikatlong Baitang

**[1]Edgar L. Degormano, Jr., [2]Rhea Dioneda Bruma**
[1]Teacher II, [2]Master Teacher I
[1]Sorsogon State University, Sorsogon City, Philippines

*Abstract :* Natiyak sa pag-aaral na ito ang gamit ng E-kuwento sa pagpapataas ng talasalitang Filipino ng mga mag-aaral sa Ikatlong Baitang. Deskriptibo ang disenyo ng pag-aaral na ito. Purposive sampling ang ginamit ng mananaliksik sa pagpili ng mga kalahok sa pag-aaral. Nagsagawa ang mananaliksik ng pakikipanayam gamit ang interbyu iskedyul sa tatlong guro at 68 na mga mag-aaral sa Ikatlong Baitang mula sa mga paaralan sa Kanlurang Distrito ng Dibisyon ng Lungsod ng Sorsogon. Ipinagamit sa mga guro at mag-aaral na kalahok ang nabuong tatlong E-kuwento. Pinasagutan rin sa tatlong Master Teacher ang LRMDS Evaluation Rating Sheet for Non-Print Materials. Ginamit ng mananaliksik ang teacher-made multiple-choice test na binubuo ng 45 aytem para sa pauna at panapos na pagsusulit sa 77 na mag-aaral sa Ikatlong Baitang mula sa small, medium at big schools. Ang mga nalikom na datos ay sinuri at binigyang interpretasyon sa pamamagitan ng nararapat na estadistika.

Gumagamit ng nakalimbag at hindi-nakalimbag na kagamitan sa pagpapataas ng talasalitaang Filipino ng mga mag-aaral tulad ng aklat, diksyunaryo, dyurnal, magasin, flash cards, slide presentation, audio presentation at video presentation. Nabuo ang tatlong E-kuwentong may gumagalaw na mga larawan, naglalaman ng mga salita at kahulugan nito gamit ang context clues, mga tauhan, bagay at lugar na makikita sa probinsya ng Sorsogon para sa pagpapataas ng talasalitaang Filipino ng mga mag-aaral sa Baitang 3. Ang mga kalahok na mga mag-aaral at guro ay mayroong fidbak sa nabuong E-Kuwento ayon sa anyo, nilalaman, at karanasan ng mga mag-aaral.

***IndexTerms* – E-kuwento, kagamitan, pagpapataas, talasalitaang Filipino**

## I. INTRODUCTION

### INTRODUCTION

Ang talasalitaan ng mag-aaral ay mahalaga para sa kanilang pag-iisip. Ito ay dapat malinang, mahasa, at mapagyaman dahil ito ang unang hakbang sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Mas madaling mauunawaan ng mga mag-aaral ang kanilang binabasa o naririnig kapag may malaw ak silang talasalitaan. Ang talasalitaan ang nagbibigay linaw sa kanilang isipan tungkol sa mga damdamin, kaisipan, mensahe, o ideya sa kanilang binabasa o naririnig. Ito rin ang nagsisilbing diksyonaryo sa kanilang isipan na kusang bumubukas kapag may salitang nakakasalubong, pamilyar o hindi. Kung kulang ang talasalitaan, limitado ang kakayahan ng mga mag-aaral na makabuo ng bagong kaalaman mula sa pamilyar na konsepto. Ang mababang antas ng talasalitaan ng mga mag-aaral ay isang suliraning kinakaharap hanggang sa kasalukuyan kung kaya't maraming mananaliksik ang patuloy na naghahanap ng solusyon.

Sinabi nina Dakhi at Fitria (2019)[1] na mahalaga ang talasalitaan bilang batayan ng komunikasyon, repleksyon ng realidad sa lipunan, pampalakas ng emosyon, at tagahula ng kakayahan sa akademiko. Mahalaga rin ang talasalitaan para sa pagtuturo at pagkatuto, dahil nakakatulong ito sa mga balangkas na deskriptibong pangwika, mga kontekstong pedagohikal, at sa pampanitikan at estilistang pag-aaral ng wika (Rashid, Lan at Hui, 2022)[2]. Sa mga pahayag na ito, malinaw na ibinigay ang kahalagahan ng talasalitaan ng mga mag-aaral, at marapat lamang na ito ay paunlarin.

Binibigyang-buhay ng talasalitaan ang mga ideya at kaisipan, binabago ang mga ito mula sa abstrak na mga paniwala tungo sa kongkreto, makabuluhang mga pagpapahayag (Mccarthy, 2022)[3]. Ayon kay Loewen, Isbell at Sporn (2020)[4], ang mga mag-aaral ay nakapagpapaunlad ng kaalaman sa gramatika at talasalitaan pati na rin sa kakayahan sa pagsasalita o pakikipagtalastasan. Ang pag-unlad ng talasalitaan ng mga mag-aaral ay may direktang epekto sa pag-unlad at pagyaman ng kakayahan sa pagsusulat at pagsasalita. Sa pagtuturo, ang pagpili ng angkop na mga salita ay napakahalaga. Nagdudulot ito ng mas matagumpay na pagtuturo

dahil sa pagkakaroon ng mas malawak na usapan at aktibong talakayan. Sa kabila ng pagkakaroon ng mabuting hangarin, kung hindi wasto ang mga salitang pinili, ito ay magbubunga ng hindi kanais-nais na mga resulta.

Ayon sa pananaliksik nina Clavero, Narvaez, Landicho, et.al. (2022)[5], napag-alaman na isa sa mga dahilan ng pagkakaroon ng kawalan ng mga aktibong mag-aaral sa paaralan at unti-unting pagbabago ng sistema ng edukasyon dahil sa epekto ng pandemya na kilala bilang "Pandemya ng COVID-19". Dahil lubos na naapektuhan ng pandemya ang kalusugang pangkaisipan ng mga kabataan, makikita na marami ang naging negatibong epekto ng pandemya sa mga mag-aaral na nagdulot ng mga suliraning pang-edukasyon. Isa na dito ang kawalan ng interes ng mga mag-aaral sa pagbabasa kung kaya't hindi rin lumalawak ang kanilang talasalitaan.

Ayon naman sa pahayag ni Gutierrez (2014)[6], isa sa mga dahilan kung bakit bumababa ang kalidad ng edukasyon sa Pilipinas ay ang kakulangan sa mga kagamitan sa paaralan tulad ng mga libro, mga upuan at kakulangan sa mga silid-aralan. Kung mabibigyan ng pansin ang kagamitan ng mga mag-aaral sa pagkatuto, mabibigyan din sila ng pagkakataon na matuto ng lubos at mas maging matagumpay na mamamayan sa hinaharap. Ang mga mag-aaral na may mababang antas ng talasalitaan ay nahaharap sa suliranin sa paggamit ng mga angkop na salita sa pakikipag-usap man o pagsusulat (Afzal, 2019)[7].

Sa pahayag nina Dean at Kulhavy (1978)[8], ang mataas na antas ng talasalitaan ay iniuugnay sa mas mahusay na pagganap sa mga gawaing batay sa wika. Higit na magiging madali sa mga mag-aaral na maihayag ang kanilang damdamin o kaisipan kung makagagamit sila ng mas angkop sa salita. Higit na madali rin nilang mauunawaan ang mga binabasa o naririnig kung mataas ang antas ng kanilang talasalitaan. Ang paghubog sa talasalitaan ng mga mag-aaral ay mahalaga para sa pag-unlad ng wika at isang pangunahing tagapagpahiwatig ng tagumpay ng paaralan (Moore, 2018)[9].

Isa sa mga suliraning kinakaharap ng mga guro ang mababang antas ng talasalitaan ng mga mag-aaral na nagreresulta sa mababang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Sa inilabas na Deped Memorandum bilang 173, s. 2019[10] na may titulong "Bawat Bata Bumabasa o 3B's Iniative na naglalayong mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbabasa. Maraming programa at gawain ang isinagawa bilang tugon sa panawagang ito. Subalit hindi lamang ang kakayahan sa pagbabasa ang dapat mahubog at mapayaman, gayon din ang komprehensyon, upang maintindihan ng mga mag-aaral ang kanilang nababasa na konektado naman sa kanilang talasalitaan na nagdidikta ng pakahulugan ng mga salitang nakakasalubong. Ang mag-aaral na may limitadong talasalitaan ay hindi lubusang nakalalahok sa mga talakayan at aralin, maaari ding mahirapan sa pakikipagtalastasan sa mga pagkakataong hindi niya magamit ang wastong salita o pahayag upang ilahad ang kanyang kaisipan, ideya o damdamin. Magiging malaking sagabal sa mga susunod pang pagkatuto kung ang suliranin sa mababang talasalitaan ay hindi agad mabigyan ng solusyon.

Batay sa resulta ng 2022 Program for International Student Assessment (PISA), kabilang pa rin ang Pilipinas sa mga bansang may pinakamababang iskor sa pagbasa na umabot lang ng 347. Matatandaan sa inilabas na resulta ng PISA noong 2018, pangalawa sa mga bansang may pinakamababang kabuoang iskor ang Pilipinas. Gumamit man ng Ingles bilang midyum sa pagsusulit na iyon, ang resulta ay tahasang nagpapakita ng kahalagahan ng pagkakaroon ng mataas na talasalitaan ng mga mag-aaral. Ito ay nagdudulot ng mas malinaw na batayan sa antas ng kaalaman ng mga mag-aaral.

Dagdag pa dito ang isinagawang Comprehensive Rapid Literacy Assessment (CRLA)[11] ng mga mag-aaral sa ikalawang baitang ng Paaralang Elementarya ng Tublijon, noong buwan ng Hunyo 2022 na mayroon 88.9% ang nakabasa sa Filipino subalit 37.03% lamang ang nakapagbigay ng wastong sagot sa mga katanungang ibinigay. Ito ay malinaw na patunay na ang mababang antas ng kasanayan sa pagbasa ay malaking suliranin ng mga paaralan sa buong bansa.

Ito ay may direktang kaugnayan sa kakulangan ng talasalitaan na pangunahing pangangailangan upang makabasa nang may pang-unawa ang isang mag-aaral. Ang mga suliraning ito ang nais mabigyang-tugon ng kasalukuyang pag-aaral na naglalayong mapaunlad ang talasalitaan ng mga mag-aaral gamit ang nabuong kagamitang pampagtuturo.

**NEED OF THE STUDY.**

Natiyak sa pag-aaral na ito na: 1) matukoy ang mga kagamitang ginagamit sa pagpapataas ng talasalitaang Filipino ng mga mag-aaral 2) nabuong E-kuwento bilang kagamitan sa pagpapataas ng talasalitaang Filipino 3) fidbak ng mga mag-aaral at guro sa nabuong kagamitan sa pagpapataas ng talasalitaang Filipino ng mga mag-aaral.

Research Through Innovation

**RESEARCH METHODOLOGY**

Deskriptibo ang disenyo ng pag-aaral na ito. Purposive sampling ang ginamit ng mananaliksik sa pagpili ng mga kalahok sa pag-aaral. Nagsagawa ang mananaliksik ng pakikipanayam gamit ang interbyu iskedyul sa tatlong guro at 68 na mga mag-aaral sa Ikatlong Baitang mula sa small, medium at big schools sa Kanlurang Distrito ng Dibisyon ng Lungsod ng Sorsogon. Ipinagamit sa mga guro at mag-aaral na kalahok ang nabuong tatlong E-kuwento. Pinasagutan rin sa tatlong Master Teacher ang LRMDS Evaluation Rating Sheet for Non-Print Materials. Ginamit ng mananaliksik ang teacher-made multiple-choice test na binubuo ng 45 aytem para sa pauna at panapos na pagsusulit sa 77 na mag-aaral sa Ikatlong Baitang mula sa small, medium at big schools. Ang mga nalikom na datos ay sinuri at binigyang interpretasyon sa pamamagitan ng nararapat na estadistika.

## IV. RESULTS AND DISCUSSION

### Mga Kagamitang Ginagamit sa Pagpapataas ng Talasalitaang Filipino ng mga Mag-aaral.

Sa pangangalap ng datos ng mananaliksik, natuklasan na gumagamit ang mga kalahok ng iba't ibang kagamitan sa kanilang pagtuturo upang matugunan ang pangangailangang mapataas ang talasalitaan ng mga mag-aaral. Gumagamit sila ng mga nakalimbag at hindi nakalimbag na mga kagamitang pampagtuturo.

***Nakalimbag na Kagamitang Pampagtuturo***

Ang nakalimbag na kagamitang pampagtuturo ay mga kagamitang nailathala. Sa isinagawang pakikipanayam sa mga gurong nagtuturo sa Baitang 3, sila ay gumagamit ng mga aklat, flash cards, diksyunaryo, magasin at dyurnal bilang kagamitan upang mapataas ang talasalitaang Filipino ng mga mag-aaral.

**Aklat**

Pinakamadalas gamitin ng mga gurong nagtuturo sa Baitang 3 ang aklat na mula sa kagawaran. Ang mga aklat ay ginagamit upang magbigay ng impormasyon at kaalaman sa mga mag-aaral. Ito ay may layunin na gabayan ang mag-aaral sa kanilang pag-aaral at pag-unlad sa iba't ibang larangan. Ang mga aklat na ito ay binubuo ng mga aralin, pagsasanay, at iba pang gawaing makatutulong sa pag-unawa at pagpapaunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral.

Ayon sa pahayag ng gurong kalahok bilang 1:

> *"Magayunon konta gamiton an mga libro kay yadto na ang leksyon na ituturo sa mga batit, pero dili na nakukuwa an interes san mga batit. Kaya kaipuhan ko mag-isip kun papan-o ko ituturo sa paagi na magugustuhan ninda".*
>
> *(Maganda sanang gamitin ang aklat dahil naroon na ang mga aralin para sa mga bata, subalit hindi na nito nakukuha ang interes ng mga mag-aaral. Kaya kailangan kong mag-isip ng pamamaraan kung paano ito ituturo sa mag-aaral na makakukuha ng kanilang interes)*
>
> *-kalahok bilang 1*

**Diksyunaryo**

Ang diksyunaryo naman ay ginagamit upang mabigyan ng kahulugan ang mga salitang hindi sa kanila pamilyar. Ito ay personal na pagmamay-ari ng mga guro at mag-aaral. Ang diksyunaryo ay makatutulong sa pagtuturo sa mga mag-aaral sa pagpapalawak ng kanilang bokabularyo, pagtuturo ng tamang paggamit ng mga salita, at pagsasanay sa pagsasaliksik at pag-unawa ng kahulugan ng mga salita. Subalit hindi lahat ng mag-aaral ay mayroon nito at hindi rin sapat ang bilang na mayroon ang guro.

Sinabi ni kalahok 3:

> *"Mas damu ang nauubos mi na oras sa paggamit nin diksyunaryo, pero magayon man ini gamiton. Pero lain intero na estudyante ko igwa sadi".*
>
> *(Mas maraming oras ang aming nagagamit sa paggamit ng diksyunaryo, pero maganda talaga itong gamitin. Subalit hindi lahat ng mag-aaral ko ay mayroon nito)*
>
> ***-kalahok bilang 3***

**Dyurnal**

Ang dyurnal ay nakatutulong sa pagtuturo sa mga mag-aaral sa pagpapalalim ng kanilang pag-unawa sa mga konsepto, pagpapabuti ng kanilang kakayahan sa pagsulat, at pagpapaunlad ng kanilang mga ideya at opinyon. Subalit bihira namang gamitin ang mga ito dahil wala nito ang mga paaralan at hindi na rin bumibili nito ang mga guro at mag-aaral o kanilang magulang. Nakatutulong rin ito sa pagpapaunlad ng talasalitaang Filipino ng mga mag-aaral ngunit hindi sapat dahil limitado ang mga nilalaman nito.

Sinabi ni kalahok bilang 1:

> *"Bihira na ako sada maggamit niyan kay mapagalon na sada maghanap niyan. Mapagal na din sada maghanap nin mabakalan. Ang iba ko ngani na mga estudyante dili na yan kilala".*
>
> *(Bihira na ako gumamit n'yan dahil mahirap na makahanap. Mahirap na ring makahanap ng mabibilhan. Hindi na nga iyan kilala ng ilan sa aking mga mag-aaral)*
>
> *-kalahok bilang 1*

**Magasin**

Ang magasin ay nakatutulong sa pagtuturo sa mga mag-aaral sa pagbibigay ng karagdagang impormasyon, pagpapalawak ng kaalaman sa iba't ibang larangan, at pagpapalalim sa kanilang interes sa pag-aaral. Bihira ring gamitin ang mga magasin dahil wala nito ang mga paaralan at hindi na rin bumibili nito ang mga guro at mag-aaral o kanilang magulang. Hindi rin nagiging sapat ang nilalaman nito upang mapaunlad ang talasalitaan ng mga mag-aaral dahil hindi rin ito nakakukuha ng interes at atensyon ng mga mag-aaral.

Ayon sa pahayag ng kalahok 2:

> *"Kapagal na san paghanap sada na magasin na gagamiton sa pagtukdo. San ingamit ko ina dati, dili man kilala san mga estudyante ko. Dili man sinda naging interesado kaya dili na ako naggamit".*
> *(Mahirap na maghanap ngayon ng magasin na gagamitin sa pagtuturo. Nang minsan akong gumamit ng magasin, hindi naman ito kilala ng mga mag-aaral ko. Hindi rin sila naging interesado kaya hindi na ako gumamit muli)*
>
> *-kalahok bilang 2*

**Flash Cards**

Ayon naman kay Guro 2, gumagamit rin siya ng flash cards bilang karagdagang kagamitan. Ang flash cards ay makatutulong sa pagtuturo sa mga mag-aaral sa pagsasaulo ng impormasyon, pagpapalakas ng kanilang bokabularyo, at pagpapraktis ng kanilang kasanayan sa pagsagot sa mga tanong o problemang pang-araw-araw. Maraming flash cards na ginagamit sa paaralan upang makatulong sa mga mag-aaral na mapaunlad ang kanilang talasalitaang Filipino. Nakakamit din ang mga kasanayang kailangang maibigay sa mga mag-aaral subalit kailangan pa ring magkaroon ng karagdagang kagamitan upang hindi makaramdam ng pagkabagot ang mga mag-aaral.

Ayon sa ibinigay ng pahayag ni kahalok bilang 2:

> *"Magayon gamiton ang flash cards, ako mismo ang naghihimo sadto para mas sakto sa mga estudyante ko. Pero kaipuhan ko man gihapon mag-isip nin ibang kagamitan para dili sinda maging boring kung pirme na lamang flash cards an gamiton ko".*
> *(Magandang gamitin ang flash cards, ako mismo ang gumagawa nito upang akma sa aking mga mag-aaral. Subalit kailangan ko pa ring mag-isip ng iba pang kagamitan para hindi sila mabagot kung palaging flash cards ang aking gagamitin)*
>
> *-kalahok bilang 2*

Sa mga nakalap ng datos, ipinakikita na ang ilan sa mga nakalimbag na kagamitang pampagtuturo na ginagamit noon ay bihira na nilang gamitin sa ngayon tulad ng dyurnal at magasin. Isa sa mga dahilan ay ang kawalan ng mapagkukunan o mapagbibilhan. Mayroon namang mga kagamitang pampagtuturo na ginagawa ng mga guro upang magamit sa kanilang pagtuturo

Ang implikasyon ng resulta ay nagkaroon ng pagbabago sa mga kagamitang pampagtuturong ginagamit ng mga guro sa Baitang 3. Hindi lang mula sa kagawaran ang ginagamit ng mga guro kundi bumubili at gumagawa rin sila ng mga kagamitang pampagtuturo sa pagpapataas ng talasalitang Filipino.

Sa pahayag nina González at Estrada (2017)[12], ang mga kagamitang gawa ng guro ay lubos na pinahahalagahan para sa pagtataguyod ng makabuluhang pag-aaral at pagpapahusay ng pag-unlad, habang ang mga aklat ay malawakang ginagamit sa mga silid-aralan ngunit hindi palaging nagdudulot ng pagpapabuti at nagpapahusay sa mga kasanayan (Mosquera, 2023)[13]. Ang paggawa ng kagamitang pampagtuturo na nilapatan ng teknolohiya ay nakatutulong sa mga guro sa elementarya na humantong sa paglago sa kaalamang teknolohikal, kaalaman sa pedagogical, at kaalaman sa nilalaman (Polly, 2011)[14].

***Hindi-Nakalimbag na Kagamitang Pampagtuturo***

Ang hindi-nakalimbag na kagamitang pampagtuturo ay kinabibilangan ng mga kagamitang elektroniko, dihital o iba't ibang anyo ng multimedia. Ayon sa mga kalahok, gumagamit sila ng iba't-ibang uri ng hindi-nakalimbag na mga kagamitang pampagtuturo kabilang na ang slides presentation, audio at video lesson na karaniwan nilang ginagamit sa pagtuturo. Dagdag pa nila na ang mga ito ang mas nakakakuha ng interes at atensiyon ng mga mag-aaral.

**Slides Presentation**

Ang slide presentation ay nakatutulong sa pagtuturo sa mga mag-aaral sa pagpapakita ng visual na mga larawan, diagram, at iba pang mga grapikong representasyon ng impormasyon, na nagbibigay-linaw at nagpapalalim sa kanilang pag-unawa sa paksa. Ang slide presentation ay personal na ginagawa ng mga guro na nakatutulong rin sa pagtuturo ng bokabularyo sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga larawan, halimbawa, at kahulugan ng mga salita, na nagbibigay ng biswal na tulong sa pag-unawa at pagtanda ng bokabularyo. Nakatutulong ito sa pagpapataas ng talasalitaang Filipino ng mga mag-aaral subalit kinakailangan na maging masining ang pagkakagamit nito ng mga guro upang maging kawili-wili at makuha ang interes ng mga mag-aaral.

Ayon kay kahalok bilang 2:

> *"Magayonon gamiton an slide presentation kay nakabutang ako nin mga litrato nan mga surmaton na sakto sa mga estudyante ko. Kaipuhan ko lang nin maging maarte sa pag-present para mas magin kauru-enganyo sa mga estudyante pag nagturo na ako".*
> *(Napakagandang gamitin ng slide presentation dahil nalalagyan ko ng mga larawan at mga salitang angkop sa aking mag-aaral. Kailangan ko lang maging masining sa pag-present nito upang mas maging kaakit-akit sa mga mag-aaral kapag ako ay nagturo na)*
>
> *-kalahok bilang 2*

**Audio Presentation**

Ang audio presentation ay ang paggamit ng tunog o audio upang magbigay ng impormasyon, paliwanag, o pagtuturo sa mga mag-aaral. Ang audio presentation ay nakatutulong sa pagtuturo ng bokabularyo sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagbigay ng tamang pagbigkas at intonasyon ng mga salita, na nagpapalakas ng kanilang kakayahan sa pakikinig at pagsasalita. Ito ay ginagawa ng mga guro upang maging kagamitan na magiging angkop sa kanilang mga mag-aaral. Subalit hindi lahat ay gumagamit nito dahil hindi gaanong epektibo lalo na sa mga mag-aaral na kailangan pa rin ang biswal na kagamitan.

Batay sa sinabi ni kalahok bilang 1:

> *"Lain man nagiging mayad ang audio presentation kay wara man nin nakikita na litarto ang mga batit. Talinga lamang ang ginagamit kaya nagiging-boring ang mga estudyante. Lalo sa grade 3, kaipuhan man gihapon ninda nin nakikita ang insasabi para mas maintindihan ninda".*
>
> *(Hindi naman nagiging maganda ang audio presentation dahil walang nakikitang larawan ang mga mag-aaral. Tainga lamang ang ginagamit kaya nababagot ang mga mag-aaral. Lalo na sa ikatlong baitang, kailangan pa rin na nakikita nila kung ano ang sinasabi upang kanila itong maunawaan)*
>
> *-kalahok bilang 1*

**Video Presentation**

Ang video presentation ay ang paggamit ng mga bidyu upang ipakita at ipaliwanag ang mga konsepto, proseso, o paksa sa mga mag-aaral. Ito ay naglalaman ng mga eksperimento, demonstrasyon, o mga scenario na nagpapakita ng real-life application ng mga aralin. Ang video presentation ay nagbibigay ng biswal na tulong sa pag-unawa at pagpapalalim ng kaalaman ng mga mag-aaral. Ang video presentation ay nakatutulong sa pagtuturo ng bokabularyo sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga biswal na representasyon ng mga salita, paggamit sa kanila sa pangungusap, at iba pang konteksto, na nagbibigay ng mas malinaw at mas malalim na pag-unawa sa mga salita at kahulugan nito. Ito ay kagamitang ginagawa ng mga guro o di kaya ay dina-download upang matugunan ang pangangailangan sa pagkakaroon ng mas angkop at kawili-wiling pagtuturo at pagkatuto.

Sa pahayag na sinabi ni kalahok bilang 3:

> *"Mas naghihimate ang mga batit kung mga bidyu ang ginagamit ko sa pagtukdo. Masigkaton magsirimbag pag naghahapot ako tungkol sa inkita ninda kaysa sa paggamit ko nin mga sinurat ko sa manila paper".*
>
> *(Mas nakikinig ang mga bata kung gumagamit ako ng mga bidyu sa pagtuturo. Ang bibilis sumagot kapag ako ay nagtatanong tungkol sa kanilang napanood kumpara sa paggamit ko ng mga sinulat ko sa manila paper)*
>
> *-kalahok bilang 3*

Sa mga datos na nakuha, ito ay nangangahulugang mas nagiging aktibo ang mga mag-aaral kapag gumagamit ang guro ng kagamitang pampagtuturo na nilapatan ng makabagong teknolohiya tulad ng video presentation. Ipinapakita rin ng mga datos na ang paggamit ng kagamitang pampagtuturo na nilapatan ng makabagong teknolohiya ay may malaking positibong dulot sa partisipasyon at pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ayon kina Baros, Solin & Pramuniati (2019)[15] na ang interactive na multimedia sa mga kagamitan sa pagtuturo ay nagpapabuti sa interes, kahusayan, at resulta ng pagkatuto ng mag-aaral sa pamamagitan ng paggawa ng pag-aaral na mas kawili-wili, epektibo, at mahusay. Mas nagiging makahulugan ang pag-aaral ng mga bata kung ang kanilang guro ay nakapili o nakabuo ng angkop na kagamitang pampagtuturo. Malaki ang epekto ng multimedia sa bawat mag-aaral dahil ito ang napapahon na pumupukaw sa kanilang kawilihan at interes. Sa pagkuha ng interes ng mga mag-aaral nagsisimula ang aktibong talakayan at ang lubusang pagkatuto ang nagiging resulta nito.

**Nabuong E-Kuwento Bilang Kagamitan sa Pagpapataas ng Talasalitaang Filipino .**


Ang mananaliksik ay nakabuo ng tatlong orihinal na kuwento sa pagpapataas ng talasalitaang Filipino ng mga mag-aaral sa Baitang 3. Ito ay ang Bukol ni Tasyong Kuhol, Si Kawan, ang Mayabang na Kawayan at Ang Pakikipagdigma ni William Langgam.

Ito ay ginamitan ng makabagong teknolohiya upang maging elektronikong kuwento (E-kuwento) para maging angkop at kawili-wili sa mga mag-aaral. Nilalaman nito ang mga lokalisadong kuwentong pambata na napapalooban ng mga salitang angkop sa kanilang baitang at mga pakahulugan nito na nasa loob rin pangungusap sa pamamagitan ng context clues.

Ang bawat E-kuwento ay napapalooban ng 15 salita na may malalim na kahulugan para sa ikatlong baitang na mga mag-aaral. Nilalaman din nito ang kompetensi sa Baitang 3 na: Nakakagamit ng pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang nagbibigay ng kahulugan (katuturan o kahulugan ng salita, sitwasyong pinaggamitan ng salita, at pormal na depinisyon ng salita) F3PT-Ic-1.5.


**E-kuwento Bilang 1: Ang Bukol ni Tasyong Kuhol**

Ipinakikita sa larawan bilang 1.1 ang E-kuwentong Ang Bukol ni Tasyong Kuhol. Ang kuwentong ito ay may play time na walong (8) minuto at limampu't anim (56) na segundo. Ang kuhol ay isang uri ng suso na nakatira sa palayan. Ito ay karaniwang nakikita sa Sorsogon dahil isa sa mga pangunahing hanapbuhay dito ay ang pagsasaka. Ang suso ay nakikita nila sa kanilang kapaligiran na nagbigay sa kanila ng kawilihan noong nakita at narinig nila ang kuwento tungkol dito. Mas nagbigay ito ng koneksiyon sa mag-aaral at kuwento na nagbigay ng interes na makinig at matuto.




**Larawan Bilang 1.1: Ang Bukol ni Tasyong Kuhol**


Ang kuwento ay tungkol sa mag-inang kuhol na naninirahan sa malawak na palayan sa bayan ng Sorsogon. Ang inang kuhol ay mapagmahal at maalaga sa kanyang nag-iisang anak na si Tasyong. Si Tasyong ay makulit na batang kuhol na ang gusto lamang ay maglaro. Mayroon siyang kaibigang tipaklong na palagi niyang kasama sa kanyang paglalaro. Dahil sa labis na kagustuhan ng batang kuhol na palaging maglaro, hindi niya na natutulungan ang kanyang ina. Dumating din ang araw na hindi na niya sinusunod ang kanyang ina hanggang sa ito ay napahamak. Sa pangyayaring iyon, natutunan ng batang kuhol na ang pagsunod sa kanyang ina ay malaking bagay upang siya ay mapanatiling ligtas.




**Larawan Bilang 1.2: Salitang Binigyang-kahulugan sa E-kuwento 1**


Makikita sa larawan 1.2 ang halimbawa ng salitang binigyang-kahulugan sa kuwento. Mababasa rin sa kuwento ang mga salitang labis, nais, malawak, pagpapadausdos, pilapil, tumungo, sambit, laganap, nakakaligtaan, sumilay, tumungo, napapahiyaw, nais, at ginugol na binigyang-kahulugan gamit ang context clues.

Ang larawan 1.3 sa susunod na pahina ay nagpapakita ng aral na makukuha mula sa kuwento na mahalagang mahubog sa mga mag-aaral. Ang pagiging masunurin sa magulang ang mabuting pag-uugali na nakapaloob sa kuwentong ito.




**Larawan Bilang 1.3: Aral mula sa E-kuwento 1**

Makikita naman sa larawan 1.4 ang gawain sa pagtatapos ng kuwento. Ang gawain ay naglalayong masuri ang pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral at ang mga salitang kanilang naunawan batay sa binasang kuwento.




**Larawan Bilang 1.4: Gawain sa E-kuwento 1**

Ang gawain ay may limang (5) aytem. Ito ay mga tanong tungkol sa napanood na kuwento. Ang mga tanong ay ginamitan ng Higher Order Thinking Skills (HOTS).

**E-kuwento Bilang 2: Si Kawan, Ang Mayabang na Kawayan**




**Larawan Bilang 2.1: Si Kawan, ang Mayabang na Kawayan**


Ipinakikita sa larawan bilang 2.1 ang E-kuwentong Si Kawan, ang Mayabang na Kawayan. Ang kuwentong ito ay may play time na apat (4) na minuto at labing-apat (14) na segundo. Ang pangunahing tauhan sa kuwentong ito ay kawayan na karaniwang nakikita sa bayan ng Sorsogon. Ito ang ginagamit sa paggawa ng iba't ibang produkto tulad ng basket at dingding sa bahay. Ginagamit din ito sa paggawa ng mga palamuti sa bahay. Maraming kawayan sa Sorsogon kung kaya't ito ay kilala ng mga mag-aaral. Mas kawiwilihan ng mga mag-aaral ang kuwento kung ang mga tauhan at iba pang nakapaloob dito ay kanilang alam. Ang lugar din ng pinangyarihan ay ang bayan ng Sorsogon na siyang tirahan ng mga mag-aaral.

Ang E-kuwento bilang 2 ay tungkol sa isang kawayan na matatapagpuan sa bayan ng Sorsogon. Ang pangunahing tauhan ay si Kawan na mataas ang tingin sa sarili. Dahil sa kanyang pag-uugali, ang kanyang mga kasamahan ay patuloy na nagpapaalala sa kanya ng masamang maidudulot nito. Subalit hindi siya nakikinig sa kanila. Hanggang sa dumating ang isang pagsubok na nagpabago ng kanyang pananaw sa buhay. Ang pangyayaring ito ang nagturo sa kanya ng mabuting pag-uugali.




**Larawan Bilang 2.2: Salitang Binigyang-kahulugan sa E-kuwento 2**


Makikita sa larawan 2.2 ang halimbawa ng salitang ginamit sa kuwento at binigyang-kahulugan. Mababasa rin sa kuwento ang mga salitang bantog, halakhak, pangkat, nakahandusay, kabilang, pinagmulan, animo'y, tugon, maibsan, nagbabadya, inabisuhan, sakuna, maidudulot, paghagupit, at nagmumula na nagbigyang-kahulugan sa kuwento gamit ang context clues.




**Larawan Bilang 2.3: Aral mula sa E-kuwento 2**

Makikita sa larawan 2.3 ang bahagi ng kuwento na nagsasaad ng aral na mahalagang mahubog sa mga mag-aaral. Ang pagiging mapagpakumbaba sa lahat ng pagkakataon ang mabuting pag-uugali ang nakapaloob sa kuwentong ito.

Makikita sa larawan 2.4 sa susunod na pahina ang gawain upang masuri ang pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral at ang mga salitang kanilang naunawan batay sa binasang kuwento. Ang gawain ay may limang (5) aytem. Ito ay mga tanong tungkol sa napanood na kuwento. Ang mga tanong ay ginamitan ng Higher Order Thinking Skills (HOTS).




**Larawan Bilang 2.4: Gawain sa E-kuwento 2**


**E-kuwento Bilang 3: Ang Pakikipagdigmaan ni William Langgam**

Ipinakikita sa larawan bilang 3.1 ang E-kuwentong Ang Pakikipagdigmaan ni William Langgam. Ang kuwentong ito ay may play time na labing apat (14) na minuto at tatlungpong (30) segundo. Ang kuwentong ito ay naganap sa bayan ng Sorsogon na mayaman sa mga produktong kakanin tulad ng maruya (sinapot), banana cue, kamote cue at suman na nakapaloob din sa kuwento.




**Larawan Bilang 3.1: Ang Pakikipagdigmaan ni William Langgam**

Ang E-kuwento bilang 3 ay tungkol sa isang langgam na masipag at matulungin. Ang kuwento ay umiikot sa pagsusumikap ng pangunahing tauhan na matugunan ang pangangailangan ng kanyang pamilya. Kasam rin ang mabuting pakikitungo sa kanyang kapwa at pagtulong sa mga nangangailanagn. Naging suliranin sa kuwentong ito noong mawala ang kanyang mga kaibigan dahil sa maling ginawa ng mga salbaheng palaka. Sa kuwentong ito, ipinakita na hindi basehan ang liit o laki upang tumulong sa kapwa, lalo na sa mga mahal sa buhay. Ipinakita rin dito na ang katapangan ay kailangan sa pagharap sa anumang hamon sa buhay.




**Larawan Bilang 3.2: Salitang Binigyang-kahulugan sa E-kuwento 1**


Makikita sa larawan 3.2 ang halimbawa ng salitang ginamit sa kuwento at binigyang-kahulugan sa loob ng mga pangungusap. Ilan pa sa mga mababasang salita sa kuwento ay ang binabaybay, tugon, galak, sumapit, nagmamasid, saad, marahan, natatanaw, lingid, lungga, tumambad, matunton, sambit, tinungo, at naliligiran na binigyang-kahulugan sa kuwento gamit ang context clues.




**Larawan Bilang 3.3: Aral mula sa E-kuwento 3**

Makikita sa larawan 3.3 ang bahagi ng kuwento na nagsasaad ng aral na mahalagang mahubog sa mga mag-aaral. Ang pagiging matulungin at mabuting pakikipagkapwa ay ang mga mabubuting aral na mapupulot sa kuwentong ito. Kasama na rin ang pagiging matapang sa pagharap sa hamon ng buhay upang maging matagumpay.

Makikita sa larawan 3.4 ang gawain upang masuri ang pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral at ang mga salitang kanilang naunawan batay sa binasang kuwento. Ang gawain ay may limang (5) aytem. Ito ay mga tanong tungkol sa napanood na kuwento. Ang mga tanong ay ginamitan ng Higher Order Thinking Skills (HOTS).




**Larawan Bilang 3.4: Gawain sa E-kuwento 3**

Ang mga nabuong E-kuwento ay magagamit sa pagpapataas ng talasalitaang Filipino ng mga mag-aaral sa Baitang 3. Ito ay elektroniko na play time na hindi lalampas sa 14 na minuto. Ito ay naglalaman ng mga mahahalagang bahagi ng isang kagamitang pampagtuturo tulad ng nilalaman, mga salitang hindi pamilyar sa mga mag-aaral, aral at gawain.

Upang maging mabisa ang kagamitang pampagtuturo, kailangang isaalang-alang ang mga mag-aaral at mga aralin. Kailangang magkaakma ang dalawang ito. Dapat ding isaalang-alang ang angkop na kagamitang pampagtuturo na batay sa karanasan at kawilihan ng mga mag-aaral (Badaguas, 1991)[16]. Ang paggamit ng mga kagamitan pampagtuturo sa pamamagitan ng multimedia ay epektibong nagpapahusay sa kaalaman sa bokabularyo ng mga mag-aaral (Marpaung at Situmeang, 2020)[17].

**Fidbak ng mga mag-aaral at guro sa nabuong kagamitang pampagtuturo.**

Ang binuong E-kuwento ay ipinagamit sa mga guro at mag-aaral. Nagbigay ng fidbak ang mga kalahok batay sa kanilang karanasan sa paggamit nito.

**Anyo**

Isa sa unang napapansin sa E-kuwenton ay ang anyo nito, kasama dito ang larawan ng mga tauhan, pook na pinangyarihan ng kuwento at ang kulay na ginamit na siyang nagbibigay ng buhay at kaaliwan sa mga nanonood.

Sa isinagawang interbyu sa mga kalahok na mag-aaral, lumabas na nagustuhan nila ang E-Kuwento bilang kagamitan. Sinabi nila na ang ang kulay na ginamit ay kaakit-akit na siyang una nilang napansin sa simula pa lamang ng panonood. Sakto sa kanilang edad ang mga disenyo at ang mga karakter na ginamit sa kuwento ay nakakatuwa na naghikayat sa kanila na manood at matuto.

Dagdag pa ng mag-aaral, kalahok bilang 25:

> *"Kagayon san kulay san mga litrato. Nakaenganyo pagkitaon pati na an mga lugar na pinangyarihan san kuwento, kagayon sa mata. Naenganyo ako magmati san kuwento. Nan ang mga naghihiriwag na mga tawuhan, nakadagdag sa gayon.".*
>
> *(Maganda ang kulay ng mga larawang. Nakahikayat panuurin pati na rin ang lugar na pinangyarihan ng kuwento, maganda sa tingnan. Nahikayat akong makinig sa kuwento. Pati na rin ang mga gumagalaw na mga tauhan, nakadadagdag sa ganda nito).*

Sa isinagawang interbyu sa mga kalahok na mga guro, sinabi nila na ang disenyo sa pagkakabuo ng E-Kuwento ay angkop sa kanilang mga mag-aaral. Naging makawili-wili ang paggamit nila ng kagamitang na nabuo ng mananaliksik dahil mabilis nitong nakuha ang interes ng mga mag-aaral. Mula sa kulay na ginamit, mga karakter at maging ang lugar na pinangyarihan nito ay mabilis na nakabuo ng koneksyon sa kanilang mga mag-aaral.

Sinabi ni gurong kalahok 1:

> *"Kagayon man daw sadto na kwento mo. Naruyagon ang mga estudyante ko sa mga tawuhan. Kagayon san kulay, buhayunon nan kagayon sa mata. Mas naruyagon an mga estudyante kay naghihiwag ang mga tawuhan".*
>
> *(Napakaganda ng iyong kuwento. Nasiyahan ang aking mga mag-aaral sa mga tauhan. Maganda rin ang kulay, buhay na buhay. Mas nasiyahan ang aking mga mag-aaral dahil sa mga tauhan na gumagalaw).*

Implikasyon nito na ang paggamit ng karakter na gumagalaw sa kuwento ay malaking tulong upang makuha ang atensyon at interes ng mag-aaral. Ang pagpili ng kulay ay nagdudulot din ng magandang epekto sa damdamin ng mag-aaral.

Ang pag-aaral ng multimedia ay higit na makatutulong sa mga mag-aaral kapag ang guro ay gumagamit ng parehong mga pamamaraan ng disenyo ng pagtuturo sa iba't ibang medya (Mayer, 2003)[18]. Ang paggamit ng kagamitang elektroniko sa loob ng silid-aralan ay nagdudulot ng positibong epekto sa mga mag-aaral. Kinakailangan lamang na ito ay naaayon sa layunin at sa mag-aaral na panggamitan nito kaya'hinihikayat ang mga guro na gumawa ng kagamitang pampagtuturo upang lalong maging makabuluhan ang aralin (Rivera, 1998)[19].

**Nilalaman**

Dagdag pa ng mga kalahok na mag-aaral, mas naging madali para sa kanila na maunawaan ang mga salitang may salungguhit (di-pamilyar na salita) dahil sa mga larawang ginamit na nagbibigay ng mga kahulugan nito. Sa pamamagitan din ng mga kahulugan at pahayag na kasama sa kuwento, kanilang naunawaan ang mga bagong salita na kanilang nabasa at narinig.

Sinabi ng mag-aaral, kalahok bilang 58:

> *"Nasabutan ko an mga surmaton na may gurit kay an mga ibig sabihon sadto yadto man lang sa kuwento. An iba nasabutan ko kay an mga drowing nan ang korte san bayhon san tawuhan, lalo na si Kuhol na nag-iiyak".*
>
> *(Naunawaan ko ang mga saitang may salungguhit dahil ang mga pakahulugan nito ay nasa loob lamang ng kuwneto. Iyong iba naman ay naunawaan ko sa dahil sa mukha ng mga tauhan, lalo na ni Kuhol na umiiyak).*

Ayon naman sa mga gurong kalahok, naunawaan at naibigay ng kanilang mga mag-aaral ang kahulugan ng mga salitang di-pamilyar dahil ang mga kahulugan nito ay nakapaloob mismo sa kuwento. Mas naging mabilis ang kanilang pagkatuto at pagpapaunlad ng kanilang talasalitaan dahil sa mga context clues na nakapaloob dito.

Sinabi ng gurong kalahok bilang 3:

> *"Nasabi tulos ninda ang ibig sabihon sa mga dili pamilyar na surmaton kay yadto mismo ang ibig sabihon sa kwento. Urungudon magmati ang mga estudyante kay hinahanap ninda ang ibig sabihon san mga surmaton na may guhit. Nakadagdag pa kay naka multi-media an istayl".*
>
> *(Nasabi agad nila ang kahulugan ng mga di-pamilyar na salita dahil nasa loob mismo ng kuwento ang kahulugan nito. Seryoso sila sa pakikinig dahil hinahanap nila ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit. Nakadagdag pa ang paglapat nito ng multi-media na istilo)*

Ang resulta ay nangangahulugang nakatutulong ang pagbibigay-diin sa mga salitang hindi pamilyar tulad ng pagguhit sa salita at paggamit ng context clues upang maunawaan ng mga mag-aaral ang kanilang binabasa at pinanonood. Ito rin ay nangangahulugang nakatutulong ang mga larawang nagpapakita ng emosyon upang maunawaan ang mga salitang hindi pamilyar sa mga mag-aaral.

Sinabi ni Baros, Solin & Pramuniati (2019)[20] na ang interactive na multimedia sa mga kagamitang pampagtuturo ay nagpapabuti sa interes, kahusayan, at mga resulta ng pagkatuto ng mag-aaral sa pamamagitan ng paggawa ng pag-aaral na mas kawili-wili, epektibo, at mahusay. Ang paggamit ng mga makabagong teknolohiya sa pagtuturo ay nakatutulong na paunlarin ang kanilang mga kasanayan at nagpapahusay ng kanilang karanasan sa pag-aaral (Watfa at Audi, 2015)[21].

**Karanasan**

Sinabi rin ng mga kalahok na ang nilalaman ng kuwento ay napakagandang ulit-ulitin dahil naiuugnay nila ang mga pangyayari sa kukwento sa sarili nilang karanasan. Sa pamamagitan ng kuwento, mas napalalim ang pag-unawa nila sa mga nangyayari sa kanilang paligid.

Sinabi ni kalahok bilang 34:

> *"Basi an mga kutitob na insabi sa kwento, kaurupod san mga kutititob na nagkakadto sa balay. Si mama ko, paraluto man nin suman nan sinapot. Naisip ko tulos si mama san insabi an sinapot".*
>
> *(Baka ang langgam na sinasabi sa kuwento ay kasamahan ang mga langgam na pumupunta sa bahay. Ang aking ina ay nagluluto rin ng suman at maruya. Si inay agad ang aking naisip noong sinabi ang maruya sa kuwento).*

Sinabi rin ng mga gurong kalahok na ang nilalaman ng kuwento ay naging makabuluhang aral sa kanilang mga mag-aaral, hindi lamang sa kanilang mga isipan, kasama na rin ang pangdamdaming kaalaman. Napakasimple ng kuwento na mabilis na nakakuha ng kagustuhan ng mga mag-aaral na panoorin. Naging madali rin ang pagkakaroon ng koneksyon dahil sa mga pangyayari sa loob ng kuwento.

Sinabi ni gurong kalahok bilang 1:

> *"An mga nangyayari sa kwento, madalion nasabutan san mga estudyante ko. Ang mga gusto ipasabot sa mga batit pareho san pagsunod sa magurang nan ang paghambog ay sala, nasabutan tulos ninda kay ang istayl san kuwento, pambatit man talaga".*
>
> *(Ang mga pangyayari sa kuwento ay madaling naunawaan ng aking mga mag-aaral. Madali rin nilang naunawaan ang mga nais iparating na aral tulad ng pagsunod sa magulang at mali ang pagiging mayabang dahil ang istilo nito ay pambata talaga).*

Implikasyon ng resulta na ang karanasan ng mga mag-aaral ay nakatutulong sa pag-unawa ng isang kuwento. Kaya't ang pagbuo ng kagamitang pamapagtuturo ay marapat lamang na angkop sa paggagamitan nito. Gawing simple at naaayon sa edad ng mga mag-aaral upang magkaroon ng koneksyon at makapagdulot ng karunungan.

Ang interactive na multimedia sa mga materyales sa pagtuturo ay nagpapabuti sa interes, kahusayan, at mga resulta ng pagkatuto ng mag-aaral sa pamamagitan ng paggawa ng pag-aaral na mas kawili-wili, epektibo, at mahusay (Baros, Solin at Pramuniati, 2019)[22]. Ang pag-unawa sa mga pangangailangan ng mag-aaral, disenyo ng pagtuturo, at teorya ng pag-aaral ng multimedia ay mahalaga para sa pagdidisenyo ng mga epektibong materyales sa pagtuturo na nagpapalaki sa pakikipag-ugnayan ng mag-aaral at paglilipat ng kaalaman (Cloonan, & Fingeret, 2020)[23]. Ang kagamitan na nakabatay sa karanasan ay tumutulong sa mga mag-aaral na magkaroon ng kakayahang umangkop na pag-unawa, epektibong mga kasanayan sa paglutas ng problema, mga kasanayan sa pag-aaral sa sarili at epektibong mga kasanayan (Hmelo-Silver, 2004).

## II. Acknowledgment

## References


**[1]** Dakhi, S., & Fitria, T. (2019). The Principles and the Teaching of English Vocabulary: A Review. JET (Journal of English Teaching).
**[2]** Rashid, M., Lan, Y., & Hui, W. (2022). The importance of vocabulary in teaching and learning in applied linguistics.
**[3]** Mccarthy, M. (2022). English Vocabulary: The Basics.
**[4]** Loewen, S., Isbell, D., & Sporn, Z. (2020). The effectiveness of app-based language instruction for developing receptive linguistic knowledge and oral communicative ability. Foreign Language Annalysis.
**[5]** Clavero, Arnel Jr., Narvaez, Ashley Marie, Landicho, Leivryle, Alfonso, Cristianne, Velarde, Giezza Nicole, Lee, Jomarie, Garcia, Hannah Fate, De Jesus, Keona, Ebdane, Daneille Benedict (2022). Ang Epekto ng Pandemya sa Kalusugang Pangkaisipan ng mga Mag-aaral sa Senior High School sa Isang Pribadong Unibersidad sa Lungsod ng Maynila.
**[6]** Gutierrez, Lolet G. https://www.pressreader.com/philippines/sunstar pampanga/20140502/281633893246058 , May 2, 2014,
**[7]** Afzal, Naeem, Arab World English Journal (AWEJ) Volume
10. Number 3 September 2019 Pp.81-98
**[8]** Dean, R., & Kulhavy, R. (1978). Effects of Language Facility in Learning. American Educational Research Journal, 15, 501 - 506.
**[9]** Moore, P. (2018). Subject learning and teachers. Educational Psychology, 38, 553 - 555.
**[10]** Deped Memorandum No. 173, s. 2019, Bawat Bata Bumabasa o 3B's Iniative
**[11]** DepEd, Comprehensive Rapid Literacy Assessment (CRLA), https://www.ilovedeped.net/2023/08/bosy-comprehensive-rapid-literacy.html
**[12]** González, G., & Estrada, F. (2017). How teachers design
and implement instructional materials to improve classroom practice. Intangible Capital, 13, 967-1043.
**[13]** Mosquera, D. (2023). Teacher-Made Materials Based on Meaningful Learning to Foster Writing Skills. Colombian Applied Linguistics Journal.
**[14]** Polly, D. (2011). Teachers' learning while constructing technology-based instructional resources. Br. J. Educ. Technol., 42, 950-961.
**[15]** Baros, W., Solin, M., & Pramuniati, I. (2019). Proper Assessment of Learning Materials Based Interactive Multimedia According to Expert Validator of Materials in Class 10th of Tritech Informatika Vocational School Medan, Learning Year 2017/2018, Indonesia. Budapest International Research and Critics in Linguistics and Education (BirLE) Journal.
**[16]** Badaguas, Fe. 1991. "The Assure Learning: A Mode to Help Assure Learning". Philippine Journal of Education.
(Vol. LXIX).
**[17]** Marpaung, M., & Situmeang, H. (2020). Enhancing Students' Vocabulary through Authentic Materials and Multimedia. Acuity: Journal of English Language Pedagogy, Literature and Culture.
**[18]** Mayer, R. (2003). The promise of multimedia learning: using the same instructional design methods across different media. Learning and Instruction, 13, 125-139.
**[19]** Rivera, Filomena V. et. al. (1998). Towards Effective Teaching. Manila: National Bookstore.
**[20]** Baros, W., Solin, M., & Pramuniati, I. (2019). Proper Assessment of Learning Materials Based Interactive Multimedia According to Expert Validator of Materials in Class 10th of Tritech Informatika Vocational School Medan, Learning Year 2017/2018, Indonesia. Budapest International Research and Critics in Linguistics and Education (BirLE) Journal.
**[21]** Watfa, M., & Audi, D. (2015). New learning methodologies
using modern technologies. International Journal of Innovation and Learning, 17, 275-297.
**[22]** Baros, W., Solin, M., & Pramuniati, I. (2019). Proper Assessment of Learning Materials Based Interactive Multimedia According to Expert Validator of Materials in Class 10th of Tritech Informatika Vocational School Medan, Learning Year 2017/2018, Indonesia. Budapest International Research and Critics in Linguistics and Education (BirLE) Journal.
**[23]** Cloonan, M., & Fingeret, A. (2020). Developing teaching materials for learners in surgery.
**[24]** Hmelo-Silver, C. (2004). Problem-Based Learning: What and How Do Students Learn? Educational Psychology Review, 16, 235-266.